**Presidential Communications Operations Office**
**Presidential News Desk**

**TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE**
[Aired on 08 September 2021]

**PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE:** Magandang gabi mga kababayan kong Pilipino. Nandito na naman kami because I promised that --- may pangako ako na I would keep you posted, mabalitaan ko kayo kung maaari lang araw-araw kung ano ang ginagawa ng gobyerno, particularly 'yung executive department, kasi tatlo 'yan eh, Congress pati 'yung Supreme Court. Kami 'yung taga-execute. Binabayaran --- binibigyan kami ng pera ng Kongreso at kami 'yung nag-i-implement. Kaya naman kung may mga kaso-kaso sa ano-anomang ahensya o pribado laban ng gobyerno o gobyerno laban ng mga private na tao, eh nandiyan 'yang Supreme Court.

So ngayon, eh dahil nga kinukuwestiyon 'yung credibility ng departamento ng executive, hindi lang naman ako pati 'yung mga Cabinet members, so lahat kami nakataya 'yung pangalan namin. You know, just like anybody else dito na Pilipino who is self-respecting na interesado ka sa lahat na ang totoo lumabas para walang duda sa pera ninyo. Iyan lang naman ang importante diyan 'yung taxes, where the taxes spent for.

At saka ngayon in every dialogue like this with you, it is always the health of the people in view of the pandemic and itong ekonomiya. So hirap tayo sa ekonomiya, hirap naman tayo dito sa health. Ngayon kung sa health naman natin ilagay lahat ang resources natin, naka-focus tayo diyan, babagsak itong ekonomiya natin, babagsak ang Pilipinas. At kung marami namang patay, kung nandito sa ekonomiya lang, eh babagsak rin ang Pilipinas, masisira tayo. Kaya karapat-dapat lang na ibigay natin ang lahat ng mga datos para maintindihan ng Pilipino.

Bago 'yan, gusto ko sanang ipalabas muna sa Pilipinas 'yung mga bunga ng the hardworking men and women in government to see to it that everything is in order in our country. Part of that is really the protection of the law enforcement sa health ng tao, kapakanan ng Pilipino, the protection of our children and of our economy.

I'd like to… May PowerPoint man, may binigay sa akin, ito 'yung successful illegal drug operations in Zambales and Bataan. At ito 'yung PDEA with the PNP, AFP, ISAFP, NICA and Bureau of Customs, successfully nag-operate sila at ito ang nangyari. *[Paki-run ng ano…]* The place of the encounter dito sa ano is --- iyan buy-bust operation Noah's Place, Candelaria, Zambales. It's 11 a.m., September 7, 202[1] (Tuesday). Ang operating units po ay PDEA, PNP, TEAM ISAFP AFP, NICA together with the COA --- ah BOC, Customs.

May namatay ho. Hindi man natin gustong mangyari ito pero medyo armado kasi at sinasabi ko naman sa inyo na itong lahat itong mga big time talaga may armas. Ang namatay itong si Gao Manzhu, si Hong Jiashe, Eddie Tan, pati Youhua Xu, ito 'yung namatay. Si Youhua Xu is one of the biggest shabu importer[s] in the Philippines. He was a member of a transnational drug trafficking organization.

Malaking ano ito sindikato, hindi lang ho sa Pilipinas. Nag-o-operate ito Southeast Asia and maybe the connection sa [Sinaloa] sa drug mga syndicates sa Mexico. Ang halaga ho nang nahuli was worth P3.4 billion, billion ho, involving 500 kilograms of shabu. Iyan ho ang nangyari, 3.[4] billion. At ito 'yung mga namatay na lumaban at 'yung may mga baril nila at iyon ho ang nangyari. Dalawang operation 'to: isa sa Subic, may follow-up sa Bataan. *[Any more slides?]* Ito 'yung shabu. Ito 'yung nakuha lahat ng ano that is 500 kilograms worth 3.5 --- 5, 4, billion. Ito 'yung --- kung na-distribute ito sa Pilipinas, galing sa mga manufacturers, importers, na-distribute ito sa mga tinyente tapos 'yung mga peddlers, 'yung tawag nila na mga basurero, 'yan, 'yan ang sisira na sa Pilipinas. Kaya ako galit talaga sa mga durugista. Tingnan lang ho ninyo at pagmasdan ninyo kung anong mangyari sa utak ng mga gumagamit na Pilipino at paano sirain ang pagkatao nila.

If you look at it very closely and ponder, mag-isip-isip kayong mabuti, ngayon malaman ninyo kung bakit noon pa, fiscal pa ako and that was about 25 years ago, talagang galit na galit ako sa droga. It has corrupted not only our young people, it has corrupted even policemen and mga generals pa ang involved noong pumasok ako pagka-Presidente. Kaya sinabi ko noon eh, "Akala ko ba ang kalaban ko dito ang mga durugista lang?" Kaya sabi ko "in six months madali lang man ubusin 'yan." Hindi ko alam na noong pumasok ako dito tinanong ko si Bato, sabi ko, "Buksan mo lahat ang records." At doon ko nalaman na may mga anim na generals, sa Customs, sa lahat, kalaban ko ang gobyerno.

But this time, to the credit of our security forces at ito naman ang kanilang accomplishment. So at this early, I would like to extend my highest commendation and my heartfelt gratitude for protecting the country against the destruction of drugs.

*[Wala na bang ibang --- ? Sige i-run lang ninyo. Wala na?]*

Ah itong follow-up operation dito sa Hermosa, Bataan. Tipo --- Tipo Exit, Barangay Tipo-Hermosa, Bataan, 4 p.m. 07 September 20[21]. Follow-up operation 'to. Again, it's a joint operation ng PDEA RO3, PDEA IIS, PDEA RO NCR, PDEA SES, PDEA RO 1, PNP-Drug Enforcement NCR, TEAM ISAFP, Philippine Navy, AFP, Joint Task Force NOAH, NICA and the Bureau of Customs.

To them, I give you my snappy salute and congratulations. Of course, I will recognize your effort officially. Iyong successful interdiction, nakuha nila ang 80 kilos of shabu worth P544 million. Evidence recovered: 80 kilograms of shabu, one Toyota Land Cruiser, one Mitsubishi Montero, one Android phone and one analog phone.

Ang sasakyan ho nila ay Toyota LC Black, number --- plate number is 567. It was registered in the name of Qing Chang Zhou, ang Filipino Name is Ricky Chou. Address is San Fernando St., Binondo, Manila.

Hindi man natin gustong makipag-away o kaya nga saktan 'yung mga citizens ng iba-ibang bayan na kababayan natin pero we have to do this because we have to protect our country. Simple as that.

So tapos naman siguro tayo dito. Ito 'yung --- ito 'yung nahuli sa follow-up operations. Iyan. Marami pa rin. Ilang Pilipino ang masira nito?

Alam mo mga kababayan ko, once you start, 'pag nag-umpisa ka ng higop ng shabu, you become a slave, slave ka na, hindi sa isang tao kung hindi sa isang chemical. And you are forever a slave of that chemical and every day hanapin mo, until such time mahuli ka o you commit a crime because you do not have any money or resources to sustain the addiction.

Ako, naaawa ako sa inyo. Ganito 'yan eh, 'pag isang Pilipino pumasok diyan, gunggong talaga 'yan. Ibig sabihin, talagang bobo, 'yang bobo as in bobo. Ke 'yung mga mayaman o mahirap, pareho 'yan. May bobo sa mayaman, may bobo sa mahirap; may torpe sa mayaman, may torpe sa mahirap. Lahat 'yan.

Ito 'yung mga 'to na hindi nila inisip na krimen 'yan at balang-araw papasok sila diyan sa distribution, trafficking, at mahuhuli sila o mamatay sila dahil nga armado pagka ganoon. You know, one of the things that maski 'yung sa anak ninyo is magsabi 'yan, "may humahabol sa akin", "may naghahanap sa akin". Kaya magdala ng armas 'yan.

That is the psychological setup of everybody na nakapasok na sa droga, contaminated na 'yung katawan. Lahat 'yan. Maski ngayon sabihin ko nakikinig sila, once pumasok na 'yan, ganoon, ganoon sa kanila, "may naghahanap sa akin", "may gustong pumatay sa akin".

That is the reason why they are armed. Kaya 'yan may mga baril, kaya may mga sandata is because of the psychological setup na may kalaban sila. Iyong hindi pa nagsha-shabu ngayon, next month pumasok 'yan sila, ganoon ang iisipin na nila. Hindi na nila maalaala ang sinabi ko na ganoon ang mangyari sa kanila.

So I'm sorry, I'm sorry for the loss of lives. Hindi man natin ginusto 'yan. But I just hope that the countries from where these guys come from should understand that we have laws to follow.

At tayo naman, kayong mga Pilipino, sabihin ko sa inyo, 'pag nasabit kayo sa droga sa labas, hindi ako makialam, hindi talaga ako naka… Even in face --- 'yung sabihin na i-execute na. Hindi ako, I will… Sabihin ko sa mga ambassador, "You do your thinking but whatever you want to do." Pero pag-isipan na ninyo, ako ayaw ko. Ayaw ko talaga.

So tapos na tayo diyan, let's go to Secretary Karl Chua and he make --- to make the short report tonight para malaman niya --- ninyo paano pinlano 'yung pera. Si Kendrick Chua ang ating… Si Karl…? Karl Kendrick.

**NEDA DIRECTOR-GENERAL AND SOCIOECONOMIC PLANNING SECRETARY KARL KENDRICK CHUA:** Opo. Naririnig niyo po ako?

**PRESIDENT DUTERTE:** Yes. You go ahead, please.

**SEC. CHUA:** Okay, thank you. Good evening po, Mr. President, Senator Go, mga miyembro ng Gabinete, at kapwa kong Pilipino.

Ang iuulat ko po ngayon ay 'yung kontribusyon ng NEDA sa Zero-to-10-Point Socioeconomic Agenda ng Duterte administration.

Nagsimula po ang Duterte administration noong 2016 na may hangarin na by 2022 maiangat natin ang anim na milyong Pilipino mula sa kahirapan at maging isang upper-middle income

country. By 2040 po, ang hangarin natin dulot ng ating mga reporma ay wala na pong magugutom at magiging high-income country ang ating bansa.

Para mangyari po ito, sa simula po ng inyong administrasyon mayroon po tayong Zero-to-10-point Socioeconomic Agenda. Ito po ‘yung zero - peace and order; number one - macroeconomic policies; number two - tax reform; number three - ease of doing business; number four - infrastructure spending; number five - rural development; number six - land management; number seven - human capital development; number eight - science and arts; number nine - social protection programs; at number 10 - reproductive health law.

Lahat po ng may kulay na blue, ‘yan po ‘yung mga may malaking kontribusyon po ang NEDA at ‘yan po ang ipapaliwanag ko po sa aking ulat.

Iyong ating Zero-to-10-Point Socioeconomic Agenda ay naipasok po natin sa ating Philippine Development Plan 2017 to 2022. Ito po ‘yung gabay natin para i-plano ang pag-unlad ng ating bansa.

At ngayon po, sa loob po ng mga --- ng nakaraang limang taon, gusto ko pong iulat ang lima sa pinakamalaking kontribusyon ng NEDA sa inyong administrasyon. Iyong una po ‘yung strong economic management; ang pangalawa po ay ‘yung National ID; pangatlo, ‘yung Rice Tariffication Law; pang-apat, infrastructure; at panlima, ease of doing business. Marami pang na-contribute ang NEDA pero ito ay isa-submit ko na lang po sa inyong tanggapan.

Ang una po ay strong economic management. Tatlo po 'yung gusto po natin maramdaman ng ating kapwa Pilipino. Ito 'yung pagbaba ng presyo, 'yung may trabaho at may sapat na kita. Ito po iyong parang ating performance na hinahanap.

At gusto ko pong iulat na sa limang unang apat na taon ng inyong administrasyon, nakapag --- naka-record po tayo ng isa sa pinakamataas na socio or economic growth rate. Iyong average po ay 6.6 percent mula 2016 to 2019 bago pumasok ang COVID-19 pandemic. Nakita po rin natin ang pinakamababang antas ng unemployment at underemployment rate, at 'yung pinakamababang poverty rate sa ating kasaysayan.

At ang totoo po 'yung ating pangako na maiangat ang anim na milyong Pilipino mula sa poverty or kahirapan ay na-achieve po natin in the year 2018, four years ahead of our schedule, kasi ang una pong naisip po natin ay maaabot 'yan by 2022, or pero dahil po sa mga reporma natin ay four years ahead of schedule po tayo.

In terms of job creation, kahit nasa pandemya po tayo binabalanse natin ang COVID and non-COVID concerns ng ating mga kababayan, 2.5 million jobs po ang na-create natin sim --- ng itong ating ekonomiya since the start of the pandemic. Ito po ay bago pumasok ang Delta variant.

At saka in terms of socio-economic growth rate, itong six percent average growth na nakita po natin ay unti-unti na po natin na nararamdaman bumagsak po ang paglago ng ating ekonomiya noong 2020 dahil sa COVID-19 pandemic pero malaki po ang nag --- na-improve natin sa ating GDP growth itong second quarter with an 11.8 percent GDP growth.

Ngayon po, pupunta po ako sa pangalawang kontribusyon ng NEDA, ito po ang National ID. Ito po ay unang sinubukan ng gobyerno in 1973 under President Marcos pero it took 45 years in the making, at ito ay naging reporma 'yung taong 2018. In August of 2018, nilagdaan

niyo po, Pangulong Duterte, ang National ID Law. At ito pong litrato na 'to ay 'yung pagbigay ko po sa inyo ng inyong national ID. At ang Philippine Statistics Authority ang siyang may mandate na mag-implement ng National ID, with NEDA as the chair of the policy-making body.

Nais ko pong i-report na as of 3rd of September 2021, 41.9 million na po ang na-register natin for Step 1, ito po 'yung pagkolekta ng biometrics. Ang ginawa po natin dito pinuntahan po namin bahay-bahay o sa online po nag-register ang mga Pilipino kahit may pandemya; 28.6 million naman po ang naka-register na po sa Step 2, ito 'yung pagdalaw sa registration center sa bawat lalawigan at siyudad at munisipyo para ibigay 'yung biometrics tulad ng fingerprints or iris scan; at 1.5 million na po ang nakatanggap ng national ID. Fifty to 70 million po ang nais naming mabigyan ng national ID bago po matapos ang taong ito.

Marami po ang benepisyo ng national ID. Ang una po, 5.2 million individuals na po ang nag-sign up for bank accounts. 'Pag may bank account na po sila, mapapadali na rin ang pagbigay ng ayuda sa susunod. Maaari din pong gamitin ang national ID para sa COVID-19 vaccination registration and distribution.

Ngayon po, pupunta po ako sa pangatlong pinakamalaking contribution ng NEDA, ito po 'yung Rice Tariffication Law. It was first attempted in 1987, and it took 32 years to make this reform a reality. Nilagdaan niyo po ang Rice Tariffication Law noong 2019.

Ang laman ng batas na ito ay 'yung mas bukas na pag-angkat ng bigas at pagtulong sa ating magsasaka. Dalawa po ang naging epekto nito. Ang una po ay ang pagbaba ng presyo ng bigas from a peak of P45 per kilo bago po maipasa ang Rice Tariffication Law, naibaba po natin to as low as P37.66 per kilogram. At tuloy-tuloy po nakikita namin ang potential na pagbaba ng presyo ng bigas para matulungan ang bawat Pilipino.

At ang pangalawang epekto nito ay natulungan po natin ang mga magsasaka dulot ng Rice Competitiveness Enhancement Fund. Ang rice productivity per hectare ay nag-increase from 3.6 metric ton per hectare to 4 metric ton per hectare or additional income sa ating mga magsasaka na 7,000 per hectare. Ang totoo po nito, iyong third quarter po ng 2020, 3.5 million metric ton or 15 percent growth ang improvement sa ating rice production. At sa hinaharap, makikita po natin na 1.2 million people ang puwede nating maiangat mula sa kahirapan; 2.1 million people ang mas hindi na magugutom at ito ay makakatulong din sa paglago ng ating ekonomiya.

Ngayon po, pupunta po ako sa pang-apat or infrastructure. Under the Duterte administration po, three times more ang spending natin sa infrastructure program tulad ng mga kalsada, train system, irrigation at iba't iba pang mga infrastructure.

Sa ibang nakalipas na taon, hindi po lalampas na 100 to 200 billion ang infrastructure spending. Pero sa huling taon ng Duterte administration, umaabot na po ito sa more than 1 trillion peso per year of infrastructure spending. Maliban lang po sa 2020 dahil nagka-COVID pandemic, so mas bumagal. Pero hinahabol po natin ito at nakikita po natin ang malaking epekto sa ordinaryong Pilipino.

Sa NEDA, 79 major infrastructure projects ang in-approve (approve) po ng NEDA Board at ang amount nito ay 3.9 trillion. Nakalikha po ito ng 6 million jobs over the construction period. Ito ay isang dahilan kung bakit bumaba ang unemployment at poverty rate natin. Para sa ordinaryong Pilipino, itong mga infrastructure program ay nakatulong sa dalawang paraan.

Iyong una po, 43 billion peso ang savings ng ordinaryong Pilipino dahil mas wala ng traffic or bumaba 'yung traffic, at 41 percent average reduction travel time. Imbes na siguro dalawang oras ay mga isang oras na po ang average travel time ng isang ordinaryong Pilipino.

Ngayon po, 'yung panlimang major contribution ay 'yung Ease of Doing Business. Sa ilalim po ng inyong administrasyon, nakatanggap po tayo ng pinakamalaking improvement sa global ranking under the Duterte administration.

Ayon sa Ease of Doing Business Law ay naglaan po tayo ng maximum processing time. Halimbawa, simple applications tatlong araw dapat mai-process, at 'pag hindi, deemed approved. Iyong mga complex, seven days and so on.
Ito ay na-recognize po ng international community. Iyong ating ranking sa doing business na nire-record po ng World Bank ay nag-improve from 124th to 95th rank or 29-notch improvement. At ito po ay nakakatulong sa ordinaryong negosyante lalo na 'yung mga micro and small businesses.

Ngayon po, binigyan niyo po kami ng budget na umaabot ng 1.6 billion sa taong 2019 sa NEDA - Office of the Secretary, at 8.2 billion para sa mga attached agencies. Gusto ko pong iulat na sa NEDA-OSEC, 'yung aming utilization rate ay halos 98 percent. Ibig sabihin, ginagamit namin ang budget na nilalaan para sa amin. Sa attached agencies, ito ay 72 percent pero ang malaking porsyento nito ay nakalaan sa Philippine Statistics Authority para sa National ID. At ang aming commitment ay matapos po ang 50 million registration this year. At sana po ay tuloy-tuloy rin bago matapos ang inyong termino ang ma-register ang iba't --- ang iba pang mga Pilipino.

Ngayon po, para sa pagtatapos, 'yung ating economic growth sa 2021 and 2022 remain encouraging. And if we grow by four to five percent po this year, next year po seven to nine percent, ay makakaiwas po tayo sa mga long-term scarring effect ng pandemic at makakabalik po tayo sa pre-pandemic level by the end of 2022 or 2023.

Tatlo po 'yung pillars o 'yung enablers ng ating recovery. Iyong una po, 'yung mabilis na vaccination program para bumalik ang confidence. Pangalawa po, iyong safe reopening of the economy pero mahigpit po nating imo-monitor at 'yung pag-adhere sa health protocols. At 'yung pangatlo po ay 'yung full implementation of the Recovery Program lalo na po 'yung ating 5 trillion budget for 2022.

Ang huli pong slide ko po, mayroon po tayong natitirang mga economic reforms na sinertify (certify) niyo na po as urgent, ito po 'yung mga tulad ng Public Service Act, Retail Trade Liberalization Act, at Foreign Investment Act. At ang layunin nito ay maka-attract po tayo ng more investment, at para sa mga ordinaryong Pilipino, ito po 'yung paglikha po natin ng mas marami at mas mabuting trabaho.

Iyan po, Mr. President, ang ulat ko po ang mga na-accomplish po ng NEDA under your administration tungo sa isang matatag, maginhawa at panatag na buhay para sa bawat Pilipino. Maraming salamat po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Chua. Si Karl, Secretary, siya iyong NEDA. Siya 'yung magdo-drawing ng plano kung saan ang tutumbok natin, objectives, siya 'yung maggawa. Tapos 'yung implementing agency iyon na 'yung mga Cabinet members.

Chua is also a Cabinet member pero he occupies the position of magdo-drawing siya. Siya 'yung mag-drawing kung saan tayo pupunta, saan dito, anong prayoridad natin. He has the brainpower. Medyo mas mataas ang alam niyan kaysa akin. Kaya siya na ang ginawa kong --- para sa mga bright lang 'yan. Ako ano lang average, pareho lang tayong lahat. Average lang. Tamang-tama lang na makapagsalita ng Tagalog, hindi naman maganda; English, pa-kaunti-kaunti.

But let us proceed, wala tayong panahon. Itong may mainit na ano --- mainit na isyu, itong procurement ngayon ng medisina at 'yung mga other medical supplies kagaya ng PPE, 'yung cover, ‘yung mask, iyong mga face shield, na kinakailangan una --- in the beginning na maraming namatay na doktor at least about 17 doctors --- 17 doctors died sa unang onslaught, iyong pagpasok talaga ng COVID. Pati sila hindi pa kasi nila masyado alam kung anong gawin, hindi pa masyado protektado kaya dumating 'yung panahon na 'yung mga doctors sabi nila, "Eh kung ganoon lang rin mangyari, eh 'di hindi na muna kami magtatrabaho." Eh kung mamatay 'yan, kargo ng gobyerno.

This is why, tayo, may --- may krisis. There's a crisis still going on until --- until this very moment. So government was hard-pressed to come up with results. So kailangan bumili tayo ng mga 'yung suot nilang PPE, 'yung personal protection equipment, 'yung mga mask, iyong mga cover face shield and everything, pati 'yung mga cover ng mga sapatos nila, those were in need of the moment kaya ito 'yung ano...

Basahin ko muna 'yung outline but since I cannot really express myself fluently in Tagalog, I would just read it as worded by the law and sila na ho 'yung mga dito sanay sa ating pambansang salita. Sila na 'yung mag-explain kung papaano at bakit. Basahin ko lang.

Under Republic Act No. 9184, or the "Government Procurement Reform Act", 'yung pagbili, it was provided in Section 53 that a negotiated procurement shall be allowed in case of imminent danger to life or property during a state of calamity.

Ibig sabihin nito, pumapayag na ang batas na walang bidding-bidding basta mayroong kalamidad kagaya sa nangyayari ngayon sa buong mundo. At ang sunod nito, ang pinakaimportanteng malaman ninyo is ito, the Bayanihan to Heal as One Act or Republic Act 11469 signed in March 24, 2020 ago, provided --- batas ito ng Kongreso, that the President shall have the power to adopt temporary emergency measures to respond to the crisis brought by pandemic including, among others, the procurement --- ang pagbili of the following as the need arises kung kailangan in the most expeditious manner, pinakamadali, as exemptions from the provisions of Republic Act 9184 --- 9184 kasi mandates na 'yung bidding. Alam mo bidding umaabot isang buwan, dalawang buwan, kagaya ganito sinadya ito ng mambabatas. Goods may be --- which may include personal protective equipment such as gloves, gowns, masks, goggles, face shields, surgical equipment and supplies. It should be noted that under Bayanihan Act 1 and 2, the executive department is required to submit a regular report to the Joint Oversight Committee of Congress. Said reports will be submitted weekly under Bayanihan 1 and monthly under Bayanihan 2.

Ginawa ho namin ito, ginawa ng executive department. Nagre-report kami, nagbibigay kami ng report sa Congress regularly, naka-reflect doon ang tungkol sa transfer of funds from PS to DBM --- ah PS-DBM from there is a --- DOH.

In the --- in April 20 --- in April 2020 report which was the 5th report from the President on page 12 thereof, it was mentioned that DBM --- PS-DBM must issue a SARO dated 23 April 2020 in the amount of more than 45 billion pesos to cover the funding requirements for the efficient implementation of the programs and projects of the DOH under Bayanihan 1.

Alam mo, interestingly, ewan ko kung ano ang --- what's in their mind, I cannot read. I'm not a mind reader. Ito si Senators Villanueva, Binay, De Lima, commented that on that report and their comments were focused other matters. No other senator questioned the SARO or the opposed --- or opposed the PS-DBM's action. Wala naman silang reklamo pag-transfer ng funds. Mentioned most of the time very minor and were easily addressed by the executive department on their succeeding report.

But now that the elections are coming near, nagging questions and accusations, nandiyan na lahat. The legislative department was given a proper forum to question the actions of the executive department but most of them kept silent. So what is this in aid of legis --- election or legislation? Ako mismo --- again I would like to disabuse the minds of all of the detractors of the government. Walang nangyaring corruption sa mga procurement ng gobyerno. Tanong man ninyo ngayon sa COA 'yung procurement at this early na wala pa sila, at saka 'yung unang report 'yung unspent billions na tinuturuan naman ng si...

You know, 'yung unang ano, hindi --- sabi ko dalawang isyu ‘to. Iyong unang isyu is unspent. Nagtatanong sila na --- ang Congress: "Bakit may pera kayong 63 billion --- 62 na hindi pa nagamit?" You know, when you give funds to a department, it is programmed by that department. Do not run the department as if it is a --- parang opisina lang ng Senado. Do not dictate on...

Siya 'yung --- si Duque 'yung nagpapatakbo niyan eh. Hayaan mo siya. Let him make the programs then spend the money. Pero huwag ninyo na --- sa aga magtatanong na kayo. May trabaho kayong binigay sa kanya --- natin. Let him complete his work. At the end of the day, kung palpak ang trabaho niya, then that is the time for reckoning. But not before completing the programs of his dep --- under his department in pursuance to his work as secretary.

Hindi ko maintindihan eh. Wala pang corruption. Ako na mismo ang nagsasabi walang corruption. Ang una ko ngang utos kay... Pagputok nitong pandemya, my first order to Secretary Duque was buy all things kasi namamatay na 'yung mga doktor. Do not go into a bidding because it will delay the delivery and cause more death. Magbili ka na. Sabi ko nga mamili ka kung saang palengke, palit --- bilhin mo na.

That was my order. And I take full responsibility for that. Ako 'yung nag-utos, eh ako 'yung Presidente eh. Ako naman ang sisihin ng mga tao kung nagtutumbahan na 'yung mga tao diyan sa kalsada patay. Kagaya ngayon hindi man natin makontrol. Eh ang mikrobyo is in the air, lumilipad. Malas mo lang 'pag nahigop mo 'yung hininga ng katabi mo o in front of you or ang hangin galing sa likod nahigop mo 'yung hininga na may COVID.

Walang magandang lalaki nito --- nagpapor --- nagpaano lang ito eh, nagpa-porma-porma lang. Alam mo sa totoo, wala rin talaga 'yan silang magawa. Ni laway nila hindi makapigil ng COVID. Now, it is a questions of --- ah it's a question of how we responded. Kaya nga 'yung una, wala tayong vaccine. Nag-appoint ako kay Secretary Galvez but he was in the wilderness looking for the vaccines until China donated. So ang first vaccine natin hindi natin

binili, binigay ng Tsina. Kung mayroon mang na-overlook, deficiencies, 'yung nakaligtaan, *[that's the best Tagalog word that I can produce]* iyong mga nakaligtaan o na pagkukulang, eh na-correct naman kaagad. But it was not a question of money.

Now itong sa Blue Ribbon Committee, sa totoo lang, 'yung ginagawa ninyo ngayon sa administrasyon is really politicking. I don't know maybe this... We just achieved so much that the fight can no longer be done based on the merits. Ewan ko ba but baka wala na silang ma-display na magawa nila kaya naghanap na lang nang ikagagalit ng tao sa akin.

Sa Pilipino, ito ang maiiwan ko sa inyo. Bababa rin ako, matatapos rin ako balang- araw. I will not be there for the longest time. Pero sabihin ko sa inyo, iyong oath of office ko talagang tinupad ko.

Ngayon, ito na lang. Kung maniwala kayo sa kanila, matagal na 'yan sila eh. Pareho kami. Ako lang mayor, sila mga senador. Pabalik nang pabalik nang pabalik nang pabalik 'yan sila. Tanungin ko kayo. May nakita ba kayo na magandang batas na nakatulong sa bansa? Tanungin ko lang kayo.

Kung sabihin ninyo ako ang nagkulang? Eh sorry. Ginawa ko ang lahat ko. Kung ang lahat ko hindi pa --- kulang pa, eh 'di patawad po. Iyan lang talaga ang kaya ko. But itong mga senador, hindi mo ba nakita sila lang? Kasi kayo magboto ang nasa isip lang kasi ninyo. Eh may ballot box naman --- may ballot box --- oo, may ballot box na ilagay mo 'yung ballot mo, na kung ikaw ay gusto ng pagbabago o ayaw mo na sa kanila, all you have to do is to get hold of that sample ballot and write it down.

Hindi na kayo nagsawa diyan sa kanila? I mean, sa totoo lang, ano, anong, anong --- what spectacular achievement have they achieved or have had achieved in the past going to the present? Noong sa Subic Bay siya naalala niyo? Ayaw niyang bumitaw. Hinabol-habol pa niya si President Ramos. Hindi na nahiya. Talagang hinabol-habol niya because of the lucrative business of Gordon diyan sa Subic. Iyan talaga ang totoo. Hindi sa nag, nagka, nag --- *[Ano bang tawag diyan sa --- ?]* Nagwalang-hiya --- hindi naman nagwalang-hiya pero... Mawalang-galang na, parang ganoon. Hinabol niya si presidente and it was documented by the ABS-CBN, lahat. Na saan siya humabol, naghintay ng kanto kasama ang asawa niya.

Kay Ping, I don't know kung ano ang ano ni Ping --- for as long as you would answer the right questions. Ang mahirap sa Senado, ganito, intindihin ninyo ha, you cannot tell the truth in the Senate. You know why? Because they would not allow you to complete your answer. Iyong kalahati lang, sasabak kaagad si Gordon, "Ah, you *[garbled]*…" Maputol ka na. Even si Aguinaldo, 'yung COA nag-testify. Nagti-testify siya, kinut (cut) siya agad. Hindi --- he was not able to complete his statement. I challenge COA to remember that.

Ngayon, kung kasama kayo sa --- kung barkada kayo, dilawan, look at the behavior of your compatriots. Hindi maganda eh. You will never arrive at the --- hindi ka makadating doon sa totoo kung putulin mo ang isang testigo at ang idagdag mo 'yung iyong gustong lalabas na sagot.

Ganyan si Gordon, adversarial. Pagka humarap ka sa kanya, kalaban ka. Adversarial. Mabuti lang 'yan kaming mga abugado nasa korte. Talagang adversarial, magkalaban tayo. Pero dinala ni Gordon 'yan sa Senado. Dinala niya 'yang abugado na kung magkaharap siya may tinatanong siya lalo na walang babara sa kanila, walang judge, kasi kung may iba

magsabi, “Your honor, the --- and the counsel is going out of bounds, he is berating my witness.” Wala eh, sila-sila lang. Walang kapwa senador nila na magsabi, “Adre, patapusin mo muna.” Basta sila, kanya-kanyang laro, kanya-kanyang istilo. Iyan kayo lahat diyan.

Alam mo bakit? T***… Namiyembro ako ng Congress. Alam ko at umaakyat rin ako sa Senate noon kasi may --- alam mo na ‘yung mga project mo. You need not --- it is not enough that you have to work it out with the… You have to --- pagdating sa bicam. Kaya umaakyat ako, kaya nakikinig ako minsan. Ganoon talaga, hindi nila pinapatapos so walang totoo na lumalabas. Kaya ‘yung report nila, sabi talaga ‘yan, “Mali ka. Ikaw, nagnakaw ka.” Iyong mga tao diyan nagtrabaho sa gobyerno 34 years, 20 years tapos ganunin mo. Iwalang-hiya mo eh. Iyan kayo.

Puro ano man lang ‘yan, puro positioning. Kita mo kung magtanong, siya ang judge, siya ang prosecutor, siya na ‘yung maghusga. Anong totoo lalabas niyan? Kaya sabi ko --- I’d go back again. I would like to revisit. Even COA, si Aguinaldo. Eh nakikinig ako sa TV, pinutol. Magandang trabaho ba ‘yan?

Ang tingin mo kasi sa kanila adversarial. Hindi adversarial ‘yan, hijo, hijo de kagang. Alam mo --- alam mo sa amin Bisaya, ‘pag… Hijo de --- eh siyempre hindi mo naman --- hijo de kagang. Kagang is crab. Hijo de ka --- hijo de kagang. Ganoon ka. It’s about time that makita rin ng…

Ilang witnesses na all these years, Gordon, na dumaan sa inyong pinagsisigawan ninyo. Boboto kaya ‘yan sa inyo ngayong eleksyon? Think about it.

Itong… Pakinggan mo muna ‘yung --- kung ayaw ninyong pakinggan, maggawa na lang kayo ng report diretso. Anak ng --- anak ng kagang. Diretso na. Bakit pa ninyo…? Tatanungin ninyo ang tao, sisigaw-sigawan ninyo, tapos kayo-kayo lang rin ang maglaro.

Hindi PS-DBM ang nag-decide kung ano ang bibilhin. Sinunod lang nila kung ano ang pinagbili ng DOH. Wala silang sabi na may say sila. Ngayon, ang DOH sabihin ko sa iyo bakit nagpatuloy? Hindi lang ang DBM ang nagtulong. Maraming nagtulong sa DOH kasi hindi nila kaya talaga. Milyon. Ang trabaho minsan titingnan mo pa isa-isa. Kaya ganoon ‘yun.

May I have the liberal view before the use of the face shields? Ako, noon, sabi ko na tanggalin na lang ninyo ang face shields kasi binabasa ko naman ang ano sa Amerika at lahat, wala namang face shields. Sabi ko na puwede na sigurong tanggalin ‘yan.

Pero noong dumating itong variant na Delta, natakot ako. Iyon, mali ko ‘yun. Ako ang nagsabi na huwag na. Admitahin ko ‘yun, walang problema. Akin ‘yun. It was my call. But I believe in good faith noon na talagang hindi na kailangan kasi sa ibang bansa sabi hindi naman. Huwag mo lang ingudngod ‘yung mukha mo diyan kung saan-saan mo…

Remember ngayon ha, ito alcohol. May I remind everybody it is not discourteous at this time ‘pag magkamay ka o mag-ano ka tapos magganoon ka ng alcohol sa harap. Huwag kang mahiya kasi it’s the call of the moment. Iyon, pare, magbili ka rin ng iyong alcohol.

Now, I would like to turn you over to --- maraming resource persons. Si Secretary Roque, Secretary Galvez. Ito si Secretary Mon Lopez, siya ‘yung DTI, Department of Trade, trading, ‘yang… Siya ‘yung makasabi na ano ‘yung presyo na binili nila sabi nila mahal, bakit mahal

‘yung panahon na ‘yun kasi siya ‘yung nagmo-monitor ng mga presyo. Siya ang makasabi, Mon. He will be… Unahin ko siya tapos maybe another is Vince pati si Galvez.

Si Secretary Duque wala na. Huwag ka nang magbasa niyang ano nila reports, sir, magbasa ka na lang magazine. *[laughter]* Walang, walang…

**DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III:** Sir, magre-report lang ako doon sa benefits.

**PRESIDENT DUTERTE:** Ah, oo.

**SEC. DUQUE:** Oo, ‘yung benefits ng healthcare workers. Yes, sir.

**PRESIDENT DUTERTE:** So I’d like to turn you over to… Ito ‘yung siyang nakaalam sa mga prevailing price ng lahat, Department of Trade. De lata, anong bilhin mo sabon, pati ‘yung face mask, siya ‘yang may listahan, hindi ang DBM, hindi ang DOH.

So I’d like to call on Secretary Lopez to make a statement.

**DTI SECRETARY RAMON LOPEZ:** Ah okay. Salamat po, Mr. President; mga --- Senator Bong Go; mga kasama sa Gabinete; fellow workers in government; sa ating mga kababayan.

Tamang-tama po, Mr. President, kasi kung tatandaan natin noong isang taon, last year lang po, noong nag-umpisa ‘yung January, unang sakuna ‘yung pumutok ‘yung Taal, nagkaroon bigla ng demand sa mask. Ang mask na kinailangan noon N95 pa, ‘yung mas makapal. Prior to that, wala naman hong pumapansin sa mask, sa mga face mask. Wala hong gumagamit niyan.

Kailangan maalala natin ‘tong mga nangyari dahil ito ho talaga ang nag-determine ng paggalaw ng presyo at alam po natin ang tinatawag na law of supply and demand. Ganoon lang po kasimple, hindi ho natin talaga maaalis ‘yun.

Kaya noong nagkaroon --- out of nothing, walang nagde-demand, biglang maraming naghanap. So talaga hong umakyat ang presyo at wala rin tayong local producers so wala rin tayong mabilhan dito. At nag-try tayong bumili abroad, wala ring gustong mag-supply kasi after ho noong Taal, diyan na po nag-umpisa ‘yung lumala ang kaso ng COVID, kung maalala po natin February. Kaya towards March --- March 15, dineclare (declare) niyo po unang-una ‘yung ECQ. First time, March 15. Naalala ko po ‘yun, sunod-sunod ang meeting natin halos araw-araw po.

At noong March 15 na ‘yun dahil lumalala na ang kaso, dumadami na, may community transmission, all of a sudden dumarami na rin ‘yung pangangailangan sa mask, dito ho sa suot natin ngayon.

Naalala ko pa ho, nilista ko ho dito, noong unang nirere --- parang may mga naghahanap na ng mask January pa lang, ‘yung presyo ng mask noon umakyat na. Dati less than one peso, naging piso hanggang walong piso, January. Ang bilis nang pag-akyat, very high.

Noong February, eksakto February 11, nag-declare na po DTI, DOH ng SRP, 3 to 12 pesos. Mas mataas na pero 3 to 12 pesos lang. Pero ho noong March 16, noong nagkaroon na tayo ng ECQ, 28 pesos na. In fact, lumabas ho ‘yan sa maraming diyaryo, pinakita ko ho noong

last time nag-report tayo na talagang actual hong mga nangyari, hindi ho --- may basehan itong data natin, 28 pesos ang naging SRP po natin DTI, DOH. At ‘yun po ‘yung March 16 po ‘yun, tumakbo ho ‘yun hanggang August 10, nag-release uli tayo ng SRP still 28 pesos. Ibig sabihin, up to that point nasa ganoon pa rin ang presyuhan ng face mask na ganito po. At noong September 9 lang in-adjust namin ng DOH to 25 pesos. Ibig sabihin bumaba lang siya nang bahagya, at pati November 18, nandoon pa rin ho sa 25 pesos.

Habang nangyayari ho ‘yun, over time tayo ho ay nagkukumbinse rin ng mga local producer kasi wala hong nagpo-produce dito na sana mag-produce din sila nung mga critical medical devices: face masks, coveralls, ‘yung kulay puti, face shield, dahil lahat ho ‘yun hindi ho pino-produce dito.

And when we were trying to source, tayo po, sila Secretary Galvez, NTF, Sec. Vince, even abroad wala hong gustong magbenta because sa kanila may shortage din. Wala namang gustong magbenta, so tayo walang-walang supply. And in the meantime, nandiyan na ho ‘yung nagrereklamong mga healthcare workers, mga pini-picture-an pa nila na ang suot nila mga plastic na lang. Kayo ho ganoon din ang pressure sa atin na mag-source, and I remember DOH and with the PS-DBM talagang pressured silang makakuha na kaagad ng mga supply.

So ganoon po ‘yung presyuhan po noong time na ‘yun dahil wala ho talagang supply. Ngayon ho, noong kanina narinig po natin doon sa hearing, ‘yung isang producer, ‘yung EMS, actually ho kasama ho ‘yan sa mga in-encourage namin mag-local production. Marami hong kompanya na nag-umpisa na, sila ho nag-initiate naman, nag-umpisang mag-produce ng mask.

Sa amin --- nire-recall namin ‘yung record nila, I think naka-una silang parang nag --- siyempre nagpasok ng makina ‘yan, hindi --- electronics company ho sila, hindi naman gumagawa talaga ng face mask. But they heeded the call of government na umpisahan ang local production para we will not depend on imports.

And by the way, starting the local production at that time was also challenging. Dahil even the raw material, itong tela mismo, nagmahal at nag-shortage din dahil imagine lahat ng ibang bansa nagpo-produce eh, out of nothing biglang kailangan nilang mag-produce.

So sa madaling salita po, ‘yung local production natin mayroon tayo noong mga time ng February pero exporter. Sa Bataan po ‘yun so ine-export po niyan. Ang ginawa ho natin doon actually, dahil hindi ho naman tayo nag-impose ng export restriction, kinausap ho natin parang moral suasion, “puwede ba ‘yung ine-export mo mag-allocate ka locally para lang may ma-supply dito.”

So ‘yun ‘yung first source ng supply natin from that local producer, pero exporter ho ‘yun. But here comes other companies nag-locally produce. So ‘yung EMS ‘yung example, I remember mga towards end of May na sila nakapag-produce. And towards June, naka-supply na sila sa PS-DBM, sa gobyerno noong sumali na sila sa bid at nakapasok naman ho sila.

Pero towards June ho ‘yun, kaya doon naman napababa na ‘yung presyo kasi doon nga ho may mga iba ng sources, mayroon na tayong ibang nakukuha imported. And I remember even China at that time, nag-improve ‘yung cases, nagmura ngayon ‘yung mask, maraming available masks from China. So nakapag-import na rin ng mas mababang presyo after that.

But if you talk of March, April, May, mataas pa ho ‘yung presyuhan talaga noon. So ‘yun lang po, Mr. President. Bale pagdating ho sa presyo, talagang malikot at that time because imagine dati walang naghahanap niyan, biglang lahat ng citizen, lahat ng Pilipino, ni-require natin at certain point na mag-mask. So ang demand biglang milyon-milyon at walang local production. So ‘yun ho ‘yung sa presyo.

Masabi ko lang ho, noong after itong nag-repurposing manufacturing tayo at nakapag-umpisa ng mga local producers, in-encourage ho natin silang sumali sa PS-DBM, sa mga bidding, para siyempre sila ang mag-supply, para nga hindi lahat ini-import kasi kaya natin dinevelop ‘yun.

So eventually ho, may mga nakapasok at nakapagbenta na rin, naka-supply. And naalala ko in one report that I made in Davao sa inyo po, nire --- I was happy reporting na may mga local suppliers na tayo, dati zero ‘yung production ng face mask, coveralls. We were happy to say na mayroon na tayong local production. But it started June onwards, Mr. President, kaya doon lang ho tayo talaga nakapag-produce nang marami.

In fact, noong doon sa pina-bid ng PS-DBM, sa pagkaalala ko, hindi pa rin kaagad ma-supply-an nang todo-todo. I think, in-spread pa ‘yung delivery kasi hindi kaya nung malakihang volume.

So, Mr. President, ‘yun po ‘yung update natin sa presyo at ‘yung kakayanan ng local manufacturer na sumali sa local procurement, ‘yung procurement po natin.

**PRESIDENT DUTERTE:** Salamat, Secretary Lopez. I think there are some clarifications made --- to be made by Vince Dizon, pati ‘yung tinake (take) up mo kanina si --- si Secretary Roque, then after that, we’ll go to Secretary Galvez.

**NTF COVID-19 DEPUTY CHIEF IMPLEMENTER AND TESTING CZAR SECRETARY VIVENCIO “VINCE” DIZON:** Mr. President, magandang gabi po. Magandang gabi po sa mga kababayan natin.

Ang gusto lang po naming i-clarify ni Secretary Galvez, ‘yun pong sinabi ni Secretary Galvez kanina po sa Blue Ribbon. Nais ko po sanang susugan, Mr. President, na noong panahong po ‘yun, marami po sigurong nakakalimot doon sa sitwasyon natin noong April --- March, April, May of last year.

Noon pong panahon na ‘yun na sinabi ni Secretary Galvez, paulit-ulit niyang sinasabi at sinabi po niya ulit kanina sa Blue Ribbon, hirap na hirap po talaga ang paghahanap ng national government ng mga kinakailangan nating supply lalo na para sa healthcare workers.

Nasabi na po ni Secretary Galvez ‘yung dami ng mga healthcare workers na namatay. Iyon pong --- in fact, to give you an anecdote, Mr. President, nagpunta po kami ni Secretary Galvez, if I’m not mistaken sa Cebu at the height of the surge noong April. And alam niyo, Mr. President, sa ibang ospital nakakita ho kami ng mga masks na nakasabit sa sampayan. Iyong ano ho ‘yung mask nasa sampayan.

Tinanong ho namin ni Sec. Galvez, “Bakit nandiyan ‘yung mga masks sa sampayan?” Sabi nila, “Sir, kasi wala na kaming mask.” Kailangan kahit na hindi siya washable, i-recycle namin sabi nung mga healthcare workers doon. So talaga hong dumudugo po ‘yung puso

namin ni Sec. Galvez noong mga panahon na ‘yun kaya po talagang pinipilit namin na bilisan ang paghahanap ng supply dahil po talagang hirap na hirap po noon.

And then we just --- I just want to reemphasize po that all the PPEs that were bought and the masks were all given po by Secretary Galvez, himself, Mr. President, and the team with Secretary Duque to our healthcare workers all for free.

Mr. President, ano po, naalala ko pa po ‘yun very vivid in my mind, nagpupunta po si Sec. Galvez ospi-ospital whether private, public, it doesn't matter. Pupunta po siya, ilan po ang --- tatanungin po niya ‘yung hospital head, “Ilan ang kailangan na PPE?” “Ah, kailangan po namin ng ‘X’ thousand.” “Oh, ito na. Ito na ang PPE, nandito na.”

Ano po talaga ‘yun and napakaano po, ang hirap --- hirap na hirap po noon, noong naghahanap po ng --- si Sec. Galvez ng warehouse, naghahanap po ng kung ano-ano pang mga logistical resources para lang po mabilis na ma-distribute.

So ‘yun lang po. I think it’s very important to really remember how difficult it was, Mr. President. But thankfully po, nagkaroon tayo ng supply and na-supply po and we were able really to save many lives, Mr. President, bottom line ‘no. And I think we will all --- all of us naman po will be judged by history.

And I think that period was really a very, very difficult period but through the work of everybody and through your leadership, sir, eh kahit papano po marami po tayong nasalba na buhay noon, Mr. President. Thank you po.

**PRESIDENT DUTERTE:** You have --- you have to clarify some…

**PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HERMINIO “HARRY” ROQUE:** Yes, Mayor.

**PRESIDENT DUTERTE:** … previous statements that you have made, Secretary Roque?

**SEC. ROQUE:** Yes, Mayor. Well, napanood po ng taumbayan ang hearing sa Senate pero napanood din po nila ang ating panig sa ating mga press briefing at sa Talk to the People.

So sa batas po, iisa-isahin ko po ‘yung joinder of issues at kung ano na ang napatunayan ng parehong panig gamit po ang ebidensya at hindi ang haka-haka at mga komentaryo.

Una, mayroon bang overpriced sa PPE? Ang sagot: Wala. Anong ebidensya? Ang binili po natin is 1,716 para sa nine-piece PPE compliant with WHO standards. Ang binili ng nakaraan na administrasyon 3,500 hanggang 3,800. Hindi po tayo nagbibintang na ang 3,500 at 3,800 ay overpriced.

Pero kung hindi natin pagbibintangan na hindi overpriced ang 3,800, eh lalo naman po siguro ang 1,716. Kaya po ‘yan 1,716 dahil ang presyo po ay 1,950 less 12 percent tax. Ito po ay 1,716.

Bukod pa po rito, walang kahit anong down payment na binayaran. Binayaran lang po pagkarating ng PPE sa Pilipinas at pumasa sa inspeksyon at sagot din po ng ng importer pati po ‘yung transportation, insurance, and freight. Malinaw po ‘yan.

Sa batas po, sa ebidensya, there was an attempt to mislead. Bakit po? Kasi nagpakita sila ng presyo na 1,300 daw po ang PPE. Bakit ko po sinabi na misleading? At ang objection sa korte niyan, “Your Honor, misleading.” Kasi ‘yung petsa po na 1,300 ay petsang Hunyo. Ang pinag-uusapan natin magkano ang PPE noong petsa ng Abril, kung saan nagsisimula ang pandemya at nag --- talagang nagugulantang ang lahat ng bansa sa daigdig kakakuha ng PPE.

Siyempre po, dahil ang buwan ng Hulyo ay dalawang buwan na matapos ang Abril, dumami ang supply kaya po bumaba ang presyo ng PPE. Ulitin ko po, kung sa hukuman po ‘yung ginawa nila sa Senado, “Objection, Your Honor, misleading,” and it will be sustained because ibang buwan po ang kanilang pinag-uusapan.

Issue number two, mayroon ba hong overpriced sa face mask? Ito po simple lang, ewan ko kung na-discuss ni Secretary Lopez. Noong Abril, Secretary Lopez, for the record, magkano ang suggested retail price ng mga face mask?

**SEC. LOPEZ:** Again, noong March, April, nasa 28 pesos ang face mask, SRP. At noong mga bandang, June, July, doon na nagkaroon ng iba pang suppliers.

**SEC. ROQUE:** Kaya nga po ang pinag-uusapan…

**SEC. LOPEZ:** Kaya ang --- ‘pag ibang buwan, iba na ang presyo. Ganoon ‘yun.

**SEC. ROQUE:** Ang pinag-uusapan lang po natin Abril. Ang suggested retail price 28. Ang bili magkano? 27 pesos. Mayroon ba hong overpricing? Wala. Anong ebidensya? Suggested retail price.

Ang aking pakiusap po sa ating mga kababayan, huwag magpapalinlang dahil ang ebidensya po, ang law on evidence, ang depinisyon niyan, ito ‘yung ginagamit natin para pruwebahan kung anong dapat pruwebahan sa hukuman. Ito ang magpapatunay kung ano talaga ang katotohanan. So dalawang punto po ‘yung importante ngayon: walang overpricing sa PPE; walang overpricing sa face mask.

Pagdating naman po sa issue na dapat bang ma-audit ng COA ang Red Cross? Again, misleading, Your Honor, dahil sinasabi nila hindi raw pampubliko ang Red Cross, dapat walang hurisdiksyon ang COA, mali po ‘yan. Dahil sa ating batas, unang-una, maski ikaw po ay pribado, ikaw ay NGO, ‘pag tumanggap ka ng salapi na galing sa kaban ng bayan, io-audit ka ng COA full stop. So sa akin po, walang ligal na basehan ‘yung sinasabi nila na hindi pupuwede ma-audit ang Red Cross.

Bakit ba ho kasi sinasabi nila na pribado ang Red Cross? Well, sa batas po, at mga taong-bayan, sambayan, ang Red Cross po ay *sui generis*, ibig sabihin one of its kind. Bakit po? Binuo po ang Red Cross para po makapasok sa lugar na mayroong digmaan para magbigay ng humanitarian assistance. Kung gobyerno po ang Red Cross, hindi siya makakapasok sa lugar na may digmaan, kasi oftentimes ang digmaan, gobyerno at rebelde.

Pero para makapasok sila, binuo ang Red Cross based on neutrality, confidentiality and humanity para nga po hindi naman mamatay sa battlefield ‘yung mga sugatan na mga mandirigma. Kaya hindi po siya pupuwedeng maging pribado, dahil kapag siya po’y naging gobyerno, hindi siya papapasukin sa lugar ng digmaan.

Pero hindi --- mayroon po siyang public na karakter. Sa katunayan po, lahat ng empleyado ng Red Cross miyembro ng GSIS at hindi ng SSS. Kaya po mayroon siyang public nature kasi binuo po ang Red Cross sang-ayon sa Geneva Convention na lahat ng bansa sa daigdig ay kasapi, kasama po ang Pilipinas. At ang kanilang gawain nga po ay pampubliko, iyong pagbigay ng humanitarian assistance sa digmaan at sa mga kalamidad. Kaya po *sui generis* ang Red Cross.

At dapat malaman ng taong-bayan, sa bilyong-bilyong siningil niya sa ating PhilHealth pagdating sa RT-PCR testing lamang, magkano ang siningil niya? Kasi, Mayor at saka mga kababayan, iba po ang singil kapag ang makina at ang test kits ay donated, dapat po 'yan 1,100. Pero sa lalong matagal na panahon, 4,000 ang singil nila, binaba nga, 3,400.

Pero kami pong mga kawani dito sa Malacañang, doon po tayo nagpupunta sa National Children's Hospital o kaya sa NKTI dahil nga po donated ang makina, ang bayad natin 1,100 at hindi 4,000. Iyan po ang dapat tutukan ngayon sa mga maraming bagay ng ating COA.

At isa pa po, kasi nga po palasigaw, natataranta ang PhilHealth, humihingi po sila --- humingi sila ng advance payment. Pero sa COA rules po dapat walang advance payment, dapat reimbursement lamang. Pero matter of fact, record po 'yan, hundreds of millions ang hiningi nila by way of advance payment na ginamit naman nila para din doon sa mga RT-PCR equipment and paraphernalia nila. Iyon lang po, Mayor, at magandang gabi po.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Roque. In addition, I'd like to just also read the law, the wordings of the law, para maintindihan ng lahat.

Alam mo si Gordon mahilig sa imbestigasyon. Ngayon, 'yung Red Cross na pinakamatagal siya ang humawak. As far as I can remember, boy scout pa ako noon, Red Cross na 'yan siya, *[laughter]* sa totoo lang. I don't know if he was there also.

Pero ikaw --- ikaw, Gordon, mahilig kang mag-imbestiga ng anomalya, katiwalian, pero pagdating sa iyong Red Cross na hinawakan mo, parang propiedad mo, for the longest time hindi ka na natanggal diyan, dapat palitan ka na pero kontrolado mo kasi eh. *[Napapaiyak tuloy ako sa iyo. T*** i**. Sandali.]*

Ngayon na ikaw na 'yung i-audit, ayaw mo. Bakit? Ano ang sabi ng batas? First, Article 9 of the 1987 Constitution says that: *"The Commission on Audit shall have the power, authority, and duty to examine, audit, and settle all accounts pertaining to the revenues and receipts [of], and expenditures or uses of funds and property, owned or held in trust by, or pertaining to, the Government, or any of its subdivisions, agencies, or instrumentalities, including government-owned or controlled corporations with original charters, and on a post-audit basis."* These include *"such non-governmental entities receiving subsidy or equity…"* Pera, *"…directly or indirectly, from or through the Government, which are required by law or [the granting] institution to submit to such audit as a condition of subsidy or equity."*

Also mentioned in Section 4, *"the Commission shall submit to the President and Congress, within the time fixed by law, an annual report covering the financial condition and operation of the Government, its subdivisions, agencies and instrumentalities, including government-owned or controlled corporations, and non…*" blah blah blah.

In Republic Act 10072 or the Philippine Red Cross Act, ito na, the PRC is *"recognized as the voluntary, independent and autonomous nongovernmental society auxiliary to the authorities of the Republic of the Philippines."*

Okay? Ayan. It is provided that in the said Republic Act that *"the Philippine Red Cross shall, at the end of every calendar year, submit to the President of the Philippines an annual report containing its activities and showing its financial condition."*
Senator Gordon, hindi mo ito ginawa --- hindi mo ito ginawa. Wala akong nabasa galing sa iyo. Kailangan 'yan. Alam mo bakit? Mga kababayan ko, alam mo bakit? Hindi puwe --- hindi puwede sabihin 'yang Red Cross na independent na --- independent na hindi na maabot ng gobyerno.

You know, when you --- 'pag may pera maski sino, 'pag ang pera galing sa gobyerno ibinigay sa kamay mo para i-implement mo isang project or whatever, gastusin mo sa isang tasking dito, it becomes a --- 'yung --- 'yung the receiving entity or the person automatically is responsible for that money.

So itong sabi ni Gordon na hindi siya puwedeng ma-audit is takot ka. Takot ka kasi alam mo marami ka ng atraso all throughout the years and you cannot possibly have the time to cover up everything also.

Walang ibang... Bakit ka takot? Eh nasabi dito ang annual report to the --- PRC to the Office of the President. Bakit ka sabi na hindi ka tumatanggap ng pera? Tumatanggap ka ng pera galing sa PAGCOR, tumatanggap ka ng pera sa itong sugal? PCSO. Kasali ka pa sa sugal pala. The subsidy is made to the Philippine Charity Sweepstakes Office, which allocates at least one lottery draw yearly to support the Red Cross disaster relief operation, aside from the existing lottery draws of the blood program.

So I would like to contradict you publicly and maybe lecture you --- pareho man tayo abugado --- on the finer points of law. Kung ang iyong Red Cross mo tumatanggap ng pera, gumagastos ng pera --- pera ng gobyerno, ng Republika ng Pilipinas --- you are subject to an audit. Hindi puwedeng hindi.

Pera ng gobyerno eh. It might be an independent body. International Red Cross kasi 'yan talaga eh. So walang... We do not intervene in --- no, nothing there, except that we give money. To that extent, the interest of the Republic of the Philippines come into play. Kailangan malaman namin kung 'yung binigay namin sa iyo ng ilang taon na, nasaan na, Senator Gordon? I am demanding an answer. And I am going to ask for the copies of the audit so that we can go over it and compare it with the copies of the audit sa COA, tutal under the law, it's all public documents. We can dwell on it, delve on it, and find out if you have been faithful to your country and to your office.

So 'yan lang ho, then we go to the --- the next to report is Secretary Galvez that would be followed by Secretary Duque, then Secretary Año if you have any report to make.

**NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO GALVEZ JR.:** Sir, susugan ko lang po 'yung sinabi po, sir, ni Secretary Vince Dizon na dapat po makita po natin 'yung talagang context 'nung mga prices at saka context 'nung date ng mga nangyari kasi po parang nahahalo po 'yung ano eh, 'yung mga datos not relative to the date.

So kung makikita po natin noong simula po na nag-open 'yung Senate hearing, medyo sumama na po ang loob namin dahil kasi kaagad 'yung context kaagad na there is a 42-billion plunder kaagad ang nasa ano po, na parang may presumption of guilt na talagang may kinuha tayo na 42 billion. At the same time, na parang they are painting na there is anomalous transaction on the government procurement of the PPEs and also government supplies.

Tama po 'yung sinasabi po ninyo, Mr. President, na parang ‘yung PS-DBM kaagad they paint them black. And they even --- 'yung personal ano po ni Lloyd ay talaga pong tinitingnan lang na parang pinipintahan po na pangit.

Sir, sa totoo lang po, sir, kasi ako po parang nakokonsensya ako kay Lloyd dahil kasi ako po ang nag-recommend sa IATF na bumuo po ng tinatawag na Task Group Resource Generation and Logistics. Dahil nga po noong tinawagan ko po si Major General Buca, 'yung pinakamagaling na logistics ng Armed Forces, pina-evaluate ko po 'yung logistics capability at saka procurement ng DOH at saka ng RITM kasi kailangang-kailangan po nating bumili ng PPE at saka bumili po ng tinatawag nating mga test kits.

Sa evaluation po ng ano, ng --- ng ano po, ng logistics ng Armed Forces ni General Buca, sabi niya, "Sir, mahihirapan po ang DOH kasi overwhelmed po ang kanilang mga tao.” Dahil kasi kalahati po ng kanilang mga tao sa mga procurement may COVID na at saka talagang halos hindi na --- nagkakaroon po tayo ng skeletal noon that time eh. So talagang sabi niya, "Sir, hindi nila kaya 'yung massive na kung bibili tayo ng PPE na 3 million in one bulk, hindi po nila kaya."

So ang ginawa po namin nag-organize po kami --- ang ginawa po namin noon sa kay Secretary Lorenzana, "Sir, kung puwede gamitin natin ang Armed Forces. Gamitin po natin 'yung LOGCOM kasi wala pong warehouse ang --- ang ano, ang --- ang DOH sa pag-iimbak ng mga ano, ng mga PPE."

Ang medyo masakit po sa presentation ng ano, ng Senate, ng ano, ng --- ni chairman, bigla pong may picture na lumabas 'yung kaagad 'yung kay Faeldon, and he painted the picture na mayroong --- sabi niya pagka nandoon si Faeldon, may anomaly. Nandoon po 'yung mga ano niyo po, parang doon po sumakit --- kasi I’m a former Armed Forces Chief of Staff.

Ang laki ng tulong ng Armed Forces po eh at saka ng OCD, considering that the --- Secretary Lorenzana, he is the head of the NDRRMC sa DND. At sa kanya po nakaano po 'yung talagang preparedness ng ano po ng mga disaster response. And gusto namin talaga na ang NDRRMC magamit po dahil kasi 'yun po talaga ang nasa law eh --- sa NDRRM Law. Ang ano po, ang OCD po talaga ang ano, ang magre-response as logistics hub. Siya po actually authorized na tumanggap ng mga consignment ng mga donation. OCD lang po ang puwedeng tumanggap niyan.

So iyon po nung ano pong 'yun, noong panahon po na 'yun, Mr. President, kahit na ang US at saka Canada at saka 'yung mga Western countries wala pong makunan ng ano, ng face mask at saka mga PPEs, kumukuha po sila sa China.

Hindi po tayo fina-favor ng China dahil kasi sa tutuusin po, tama po si Sec. Vince na --- at saka si ano, si Secretary Lopez, na wala pong capacity tayo noon po, sir, Mr. President.

Noong sinabi niyo po sa akin na, "you produce PPE", nag-meeting po kami ng TGRML ng ano ng April 2. At 'yun nga sinabi ko kay Lloyd, "Lloyd, produce ka. Sabi kasi si Mr. President, pagka siya nag-utos, dalawang araw, tatlong araw dapat mayroon tayong result".

So 'yung ano, 'yung April 2 po --- April 4 --- ah April 6 kaagad po mayroon tayo kaagad first flight. Bakit natin ginamit ang C-130? Kasi po sabi nung supplier pagka --- baka ano --- pagka papatay-patay kayo, mawawala 'yung supply. Kukunin ng ano 'yan ng ibang countries kasi nag-aagawan po ng supply eh.

So ginamit po natin. Kaya po sinabi niyo na ang instruction niyo "expeditious." Well, the most expeditious way is to get it from C-130. So 'yung ano po, 'yung ginawa po natin whole-of-government at ginamit po natin 'yung resources ng Armed Forces kasi sila lang po ang may C-130 eh. Wala pong lumilipad na ano, na ano noon dahil kasi naka-lockdown po tayo. So ang ginawa po natin nagkaroon po tayo ng ano, ng parang nag-present po sa akin ang TGRML kasi ang ano po, ang sa TGRML, 'yung Procurement Service of 'yung PS-DBM, sila ang procurement in bulk. And then 'yung OCD puwede rin silang ano, nag-ano rin sila, nag-ano rin sila pero ang concentration nila doon sila sa mga local ano, local manufacturer. Ganoon ang ano kasi ang ano ng ano ng OCD, mayroon din silang ano NDRRM fund eh. And at the same time, 'yung ano po OCD po, sila ang logistics distribution.

So 'yung sinasabi po ng ibang mga senador na we favored 'yung ano, 'yung local --- ah 'yung ano, 'yung foreign manufacturer, 'yung Chinese manufacturer at saka Chinese supplier over the ano, the ano, the local producers, out of context po 'yun, sir, Mr. President.
Kasi unang-una, noong April sinabi na nga po wala pong capacity ang ano po natin. Nag-redirect lang po sila, repurposed po sila. Ibig sabihin po talagang walang kapasidad ang ating local production for a volume of nine sets.

And then nung piniresent (present) po nila 'yung ano, 'yung ano, 'yung pricing, I believe 'yung context na naman po, Mr. President, unang-una mababa po talaga 'yung ano, 'yung EMS kasi 'yung kanyang delivery is naka-schedule po ng ano ng --- naka-schedule po ng June --- June, July, August. Pero 'yung ano 'yung sa Pharmally, naka-schedule po 'yun talagang ano na talagang March, April at saka ano po...

So 'yun po ang ano 'yung scheduling nun kaya nakita natin 'yung pricing talagang mataas po. So iyon po, Mr. President, na talagang 'yung ano, 'yung mga panahon na 'yun masakit po ang loob namin dahil kasi kami po --- kami po nila Lloyd at saka po nila OCD --- sila Usec. --- Usec. Jalad, kami po ang nagpapakahirap na ano eh na mag-produce ng ano ng PPE at saka 'yung mga --- mga equipment po natin, 'yung mga test kits. And ang ating objective noon is to save lives.

How can we ano --- how can we think about 'yung something else na talagang...? Sir, ang laki ng takot namin sa inyo po. Pagka po sinabi niyo, ako po natatakot na po ako sa inyo dahil kasi sinabi niyo sa akin ng Chief of Staff ako noong nag-turnover na, "Gawin mo na ang lahat huwag lang maging corrupt kasi I am not ano --- I am not patient to corruption."

Kaya po nasanay po ako sa inyong instruction na gumawa ka na lahat ng kasalanan, I have no patience to corruption. Kaya po 'yun po ang ano po natin dahil kasi talagang 'yung sinabi niyo po na ito hindi 'yan time na tayo'y magloko. Kailangan 'yung ano po natin ay bigyan natin ng PPE at saka ng mga equipment ang ating mga healthcare workers para hindi po sila mamatay.
Iyon lang po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** You know, Secretary Galvez, I know what --- I know the --- the heartaches of your task and the amount of tireless toil that you have devoted. Ikaw 'yung pinili ko. Ikaw 'yung nakita ko na under pressure sa --- you know, during the Marawi siege. Hindi naman tayo nagpapa-hero, trabaho 'yan eh. Nothing to really be extra inordinately proud of it because that's our job. We are paid to do it. But 'yung panahon ng Marawi, remember I visited Marawi 10 times sa gabi pati sa araw. Nakita ko kayo na under pressure ka and iyong pressure na sa iyo to produce ultimately the victory was a long and winding road.
So I saw in you an honest man. A military man, an honest man, hardworking. Kaya ikaw lang pinili ko. Ikaw solo, iyo lang, sabi ko, iyo lang ito. Iyo lang ilagay ko sa lahat ang baraha ko sa iyo itong fight, sir.

Hindi naman ako nag-ano, it's not because I don't trust the other agencies. It's just because I just wanted to have a single person to talk to when I want to know something.

Hindi ngayon pero balang-araw the rewards of your fruits would be the success of ating fight in this COVID, and maybe someday our children will talk kindly of us na there was a time na dumaan tayo sa ganito and we kept our faith with the Filipino people.
Next is Secretary Duque.

**SEC. DUQUE:** Thank you, Mr. President. I just wanted to give an update on the healthcare workers' benefits.

Mula po noong September 2020 hanggang Hunyo 30 ngayong taon 2021, nakapagbigay na po tayo ng humigit-kumulang 14.3 billion na healthcare worker benefits. Kasama dito ang active hazard duty pay, ang special risk allowance, ang provision of accommodation, meals and transportation, at life insurance.

Patuloy ang pamahalaan sa pagtugon ng mga panawagan ng atin pong mga healthcare workers upang makatanggap pa ng mga benepisyo. Kaya naman mula po sa inyong direktiba rin, Mr. President, at sa pamamagitan ng tulong din at suporta ng DBM, tayo po ay nakapamahagi pa ng umaabot sa P311 million at ngayon ay may karagdagan na P888.11 million para po muli sa special risk allowance para po sa mas marami pang mga healthcare workers.

*[Next slide, please.]*

Sa usapin naman po ng atin pong mga sickness and death benefits ay ito pong compensation para naman po sa mga tinamaan ng COVID-19 na healthcare workers, iyan po ay para sa mild and moderate, binibigyan po natin sila ng P15,000. Samantalang ang severe and critical cases, binibigyan po natin sila ng P100,000 check. And sa death naman, 'yung mga --- 'yun pong pamilya na namatayan na nanilbihan bilang healthcare worker ay tumanggap naman ng tag-iisang milyong piso. So all told, Mr. President, ay mayroon po tayong disbursed na P570.2 million as of August 31, 2021.
Iyon lang po, Mr. President.
**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secre... So, hindi --- gusto ko ding mapa --- ipaabot sa mga ating sa health workers na alam mo sa totoo lang, kung may pera lang talagang --- may pera kung may pera lang to, you know, hindi namin --- hindi namin pigilan, ibigay namin lahat 'yan. Tutal anuhin man namin 'yang pera sa kamay namin? Kaya 'yang give us time to adjust to the finances because ang --- the fluctuation of events hindi natin malaman, kagaya nito

bigla na lang. Sino bang nag-aakala na --- so we have --- na mayroong pandemya? So we have to spend in a --- in a short notice we had to collate whatever was left of --- or whatever was available, for the mga Bayanihan 1 and 2. Nag-ano tayo, nakahingi tayo ng contributions sa lahat.

So there are... You must know na there are projects now na talagang na on deck na dapat gawain na kanselado na. It would not be as rosy as before na project dito, project doon, because the money, ayan nga from time to time kailangan mo ito, bigla na lang kayo, tapos kayo nagrereklamo. Hindi ko naman sinasabi mali 'yan. Tama 'yang ano ninyo kaya lang kaunting pag-unawa po kasi… Kay kung mayroon lang talaga, bakit namin hindi ibigay? Anuhin man namin 'yung pera, hindi man amin? You would --- you would be the first to benefit especially during this time. But the problem is there are other expenses of government other than the health concerns.

So, iyan sana ho maintindihan lang ninyo kami. You --- we go now to... Yes?

**SEC. DUQUE:** Mayroon lang din po akong dagdag kasi po mayroon din pong kinakailangan na benepisyong karagdagan 'yung meals, accommodation, and transportation allowance. Sa kasalukuyan po ay hinahanapan po ng DBM at saka ng DOH 'yung karagdagan na pondo para po mabigay ang MAT: iyon pong meals, allowance, and --- meals, accommodation, and transportation (MAT) allowance para po sa mga healthcare workers ng pribado at ng mga pampublikong mga health facilities.

So we're still looking for the funds, Mr. President, and we're trying to identify 'yung mga potential savings para po maibigay sa kanila.

**PRESIDENT DUTERTE:** You know, we are iyong infrastructure projects --- infrastructure projects medyo minsan 'yung iba we totally just abandon it for this year, I don't know about next year whether it will be reinstated or not.

But this COVID will continue to be with us for a long, long time. Tama nga sabi it is --- you must learn how to live with it kasi nandiyan na 'yan palagi. Magkamali ka nang kaunti, mabuti sana 'yung common cold na sipon na mag-uwi ka medyo stuffy nose malaman mo na may lagnat ka. Ito ‘pag tinamaan ka, ganoon rin pero diretso na. Sometimes 'yung iba on the road to recovery --- I remember a good friend who just died. Kilala ninyo ito siya pero --- mahirap sabihin 'yung pangalan. Tinawagan pa siya ng mga kaibigan, sabi niya --- sabi namin, "Ben, oh ano kumusta ka?" Siya, “nag-i-improve na ako. I'm feeling better." That was on the third day of his hospitalization tapos bigla na lang nag-deteriorate. He went on a spin fast. Kaya walang sigurado talaga ito. I --- pareho tayo.

Time also to think about life and the attendant buhay ng tao sa mundong ito. Hindi mo malaman kung maski ako. Ako, I am fond of --- ako pa naman tinatanggal ko 'yung --- ewan ko. Kapag nagsasalita ako because I feel muffled pagka mag-mask eh. Pero alam mo sabi ko, suwerte - suwerte ang buhay baka, you know, you'd never know. Just a --- that is a rule for everybody, not only for me.

Secretary Año, are you ready?

**DILG SECRETARY EDUARDO AÑO:** Magandang gabi po, Mr. President. First of all po, I would like to express our full support and trust to Secretary Galvez, Mr. President. I have

known him since he was secretary --- at noon pong Marawi crisis. Siya po ang WestMinCom commander. Iyong 149 days po na siege, every night ay nag-uusap kami ni Secretary Galvez, alas dos po ng madaling-araw just to discuss ano 'yung nangyari and what to do the next day. At ang pinakamahirap po doon 'yung magtatanungan na kami kung ilang sundalo at pulis ang namatay sa araw na iyon at ilan ang na wounded. And through his leadership po ay na-liberate ang ating Marawi kaya hindi po kayo nagkamali sa pagpili sa kanya bilang chief implementer ng National Task Force on COVID. At maraming buhay po ang nai-save natin bilang pagiging chief implementer niya.

Mr. President, ang bibigay ko pong ulat ay tungkol sa ating ayuda kasi po ay malaking pera ito at utos po ninyo dapat i-account natin ang lahat ng pera ng nasa gobyerno.

So, sa atin pong updates ng ayuda sa National Capital Region, makikita po natin na naka 97.92 percent na po tayo at 11 million beneficiaries po ang nakatanggap ng ayuda.

*[Next slide, please.]*

Dito po makikita natin ang breakdown ng ipinamigay nating ayuda: 12 LGUs na po ang nakatapos sa National Capital Region.

*[Next slide, please.]*

Sa probinsiya naman po ng Laguna, 81.64 percent na po ang naibigay nating ayuda sa 2,216,587 beneficiaries. *[Next slides.]* Ito na po ang ating breakdown sa distribution ng ayuda sa Laguna.

*[Next slide.]*

Ang isa pa pong probinsiya ay ang Bataan. Ito pong Bataan ay mayroon ng 32.37 percent ang nakatanggap po ay 226,055 beneficiaries. *[Next slides.]* Iyan naman po ang breakdown ng ating naipamigay na ayuda sa buong probinsiya ng Bataan.

*[Next slide.]*

Ito po naman ay magbibigay po ako ng ulat, ito po ay malaking pera din na sa inyong pag-uutos po through the NTF-ELCAC na kayo po ang namumuno ay nagbigay po tayo ng support to barangay development program na nagkakahalaga po ng 16.44 billion. So para po malaman ng ating mga kababayan saan po ang kinapuntahan nitong 16.44 billion na tulong sa ating mga barangays.

Sa background po, mula 2016 hanggang 2019, mayroon pong 822 barangays na nadeklarang cleared ng ating AFP at PNP. Ito po 'yung mga barangay na dating pinamumugaran, naiimpluwensyahan ng CPP-NPA sapagkat ang mga barangay na ito ay malalayo sa kabihasnan, walang development, walang services, kaya ito po ang kina-capitalize at ine-exploit. Kaya po sa inyong programa, 16.44 billion po ang inilaan natin dito at sa tulong-tulong po ng LGUs, ng mga tao sa barangay, ng national government agencies, ay naplano at natunton natin ang mga pangangailangan ng barangay na tutugon sa development. Ang bawat barangay po ay mayroong P20 million na nakalaan para sa development.

*[Next slide. Sige pa.]*

Ayan po, dalawang klaseng project po ang ginagawa: infrastructure project at non-infrastructure project. Mayroon pong 10 infrastructure project na nagkakahalaga ng P15.860 billion at mayroon pong 288 na non-infrastructure projects na nagkakahalaga ng [P419,997,330] million.

*[Next slide.]*

So makikita po natin, 10 ang infrastructure projects na nagkakahalaga ng 15 billion. So mayroon po tayong 928 farm-to-market road projects sa 747 barangays na nagkakahalaga ng 11.6 billion; 157 health station projects sa 150 barangays na may halagang P498,726,376; 150 school building projects na nagkakahalaga ng P6,678,016; 518 water and sanitation system projects na nagkakahalaga ng P2.3 billion.

*[Next slide.]*

Mayroon din po tayong 173 rural electrification projects sa 157 barangays na nagkakahalaga ng P491 million; 32 reconstruction, rehab, repair, at iba pang proyektong may kaugnayan sa natural or human-induced calamities nagkakahalaga ng P129,200,000; seven housing projects sa pitong barangay na nagkakahalaga ng P22,400,000; at 30 ibang proyektong pangimprastruktura tulad ng agriculture, evacuation, communication, and COVID-19 facilities nagkakahalaga ng P78,400,000.

Sa larangan po ng 280 --- sa larangan ng non-infrastructure projects. Mayroon pong 177 agricultural livelihood technical and vocational training projects na nagkakahalaga ng P283 million; walong COVID-19 vaccination, immunization, at iba pang health-related projects costing P17,000,000; 103 assistance to indigent individual or families amounting to P119,046,019.

As of September...

*[Next slide.]*

As of September 2, Mr. President, nasa 182 ang nasa implementation stage; 782 projects ang nasa procurement stage; at 1,319 ang nasa pre-procurement stage pa lamang.

*[Next slide.]*

Ito po ang kabuuan ng ating mga Support to the Barangay Development Projects sa buong bansa. Makikita po natin na ang Region XI, Region XIII, at Region X, ang ang may pinakamaraming proyekto sapagkat nandidito po ang mas maraming mahihirap na barangay na malalayo sa kabihasnan na ang karamihan ay nandoon sa IP ancestral domain areas.

Mga barangay na matagal nang na-exploit ng CPP-NPA dahil sa kakulangan ng basic services at development dahil sa kabuuang 2,300… Sa kabuuan po ang makikinabang sa project na ito ay 2,318,892 na mahihirap nating kababayan na ngayon ay nabigyan ng buhay at pag- asa, at ito po ang pinakamabisang solusyon sa insurhensiya.

Iyan lamang po, Mr. President.

**PRESIDENT DUTERTE:** Thank you, Secretary Año. Mga kababayan ko, I am not placing a premium sa trabaho namin ha. Sabi ko trabaho namin ‘to, tatrabaho kami. But it's --- it’s 1 o'clock in the morning.

Alam mo sila they work umaga pa they report to the office until 1 o'clock just to find time to talk to you to the people and give you the assurance that the money is being spent in accordance with the interest of the people.

So it's a bit late. I'm sorry I could not accommodate the panel now, maybe the next --- in the next hearing kasi mag-ala una na ho.

Ako, I started my work this afternoon pero 'yung mga iba dito, kayo, alam ko alas otso pa mag-opisina na lalo na 'yung mga strikto. So, I am compelled to terminate this meeting to be continued maybe day after tomorrow but as far as can be easily na wala masyadong ano eh. So we will report to you twice a week and we will account every money na ginagastos ng gobyerno para sa taong-bayan.

Itong program na Talk to the People will be for twice a week para you will be updated sa mga... Alam mo ‘pag hindi namin sinagot 'yan, sinabi ko nga kung anong pinagsasabi --- pero alam ko kayo hindi na masyado bilib diyan sa Congress. Ang ano lang niyan every election --- mag-ingay lang 'yan 'pag election na because they want exposure pero at the expense sa amin. Kaming nagtatrabaho dito na walang mga privilege, privilege speech, hindi naman kami umiimik pero we cannot also keep our silence and may mga pamilya kami, may mga anak, baka sabihan na lang ng mga, "Ano ba ito, tatay? Totoo ba itong mga ‘to?"

We have to --- you know… Ang amin lang naman is when we come here to answer them, we answer them with the truth. Iyan lang. Sabi ko wala kaming obligasyon na magsinungaling. Sabihin lang namin 'yung totoo.

Now ngayon in the end, 'pag maniwala pa kayo sa kanila, lalo na ngayong eleksyon, nako, palitan na lang ninyo ng mga bago kahit sino. Kung magtakbo 'yung barangay captain ninyo pagka senador, botohan ninyo. I think that you should --- it's about time na --- last time talagang walang nanalo. Maybe this time, gawain ninyo ulit. Panibagong ano na naman --- panibagong tao na naman, with proven reputation for honesty and 'yung --- who has the penchant to work with industry.

Maraming salamat sa inyong lahat. *[applause]*

**--- END ---**